FOBT (Kakaibang Pagsusuri ng Dugo sa Dumi) Mga Tagubilin

Kung malalaman nang maaga, ang colorectal kanser ay maaaring magamot sa 9 sa 10 katao. Dahil sa walang nakikitang senyales o sintomas sa umpisa, ang simple at madaling pagsusuri ay maaaring makatulong iligtas ang iyong buhay.
Mangyaring basahing lahat ang mga tagubilin.

A. Bago Ka Mag-umpisa

		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30			

Mahalaga: Kailangan mong ipadala kaagad ang test card kapag nakumpleto na ang 3 flaps at hindi dapat lalampas ng 10 araw pagkatapos kolektahin ang unang dumi.

Umiwas sa mga karagdagang bitamina C at maaasim na prutas at juice ng **tatlong araw bago** ng pagsusuri at **sa panahon ng** pagkolekta ng muwestra ng dumi.

Kung hindi, ituloy ang pagkain ng iyong karaniwang diyeta at inumin ang iyong regular na niresetang mga gamot.

B. Pagsulat sa Test Card



- Gamit ang isang bolpen, isulat ang iyong pangalan at petsa ng kapanganakan sa test card, tulad ng nakikita sa iyong health card.
- Ikaw ay kukuha ng muwestra ng dumi sa tatlong magkakaibang araw sa loob ng sampung araw.
- Ang test card ay may tatlong mga lalagyan ng muwestra o flap – isa para sa bawat araw. Magbukas lamang muna ng isang flap.
- Sa ilalim ng bawat flap ay may dalawang maliit na lugar kung saan ipapahid ang iyong mga muwestra.

C. Paggawa ng Pagsusuri



1. Isulat ang petsa (taon/buwan/araw) at oras ng iyong unang koleksyon ng muwestra sa flap 1. Hilahin ang flap para mailagay ang unang muwestra.

2. I-flush ang inidoro upang malinis ito. Huwag gumamit ng mga inidoro na may mga panlinis ng inidoro tulad ng mga nagkukulay asul na panlinis.



3. Para makakolekta ng dumi, gumamit ng isang malinis, at madaling itapong lalagyan o maglagay ng patong-patong na toilet paper sa tuyong bahagi ng inidoro upang masuportahan ang dumi.



4. Gamitin ang applicator stick para makakolekta ng maliit na muwestra ng dumi. Maglagay ng **napakanipis na pahid** sa Area I. Gamitin ang parehas na stick para makakolekta ng pangalawang muwestra mula sa ibang lokasyon ng dumi sa Area II. Isara at siguraduhing nakasara ng mabuti ang flap.



5. Balutin ng isang pirasong toilet paper ang applicator stick at itapon ng maayos. I-flush ang inidoro. Ikaw ay tapos na sa unang muwestra!

6. Ilagay ang test card sa foil-lined na sobre at ilagay sa room temperature hanggang sa iyong susunod na pagdumi. Huwag munang isara ng lubusan ang sobre hanggat hindi mo natatapos lahat ang 3 araw.

7. Ulitin ang paraan 1-6 upang makakolekta ng pinahid na muwestra sa karagdagang dalawang araw sa ilalim ng flap 2 at 3 ng naaayon.

D. Pagkatapos ng Pagsusuri



- **Ilagay lamang ang kard ng pagsusuri sa loob ng foil-lined na sobre at isara ng mahigpit.**
- **Ilagay ang foil-lined na sobre at ang nakompletong pormang rekisisyon mula sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa loob ng ibinigay na sobre.**
- **Ipadala sa koreo o ihulog ang sobre sa isang koleksyon senter ng pangkomunidad na laboratoryo.**

Kailangan ng tulong? Anumang katanungan? Pumunta sa:
ontario.ca/coloncancercheck
O tumawag sa **1-866-410-5853** (TTY 1-800-387-5559)

March 2010 Catalogue # 014788 Tagalog © 2010 Queen's Printer of Ontario